# HOTLINE PARA SA PANDARAYA

ng Auditor ng Long Beach City

## Ulat ng Aktibidad noong 2023

Ang City Auditor's Office (Tanggapan ng Taga-audit ng Lungsod) ay nangangasiwa ng isang hotline para sa pandaraya na nagbibigay-daan sa sinuman na mag-ulat anumang oras, nang hindi nakikilala, ng tip tungkol sa pandaraya, pag-aaksaya, at pag-abuso na may kinalaman sa Lungsod. Gumagawa ang aming Tanggapan ng kaso para sa bawat tip na natatanggap namin at sinisiyasat ang mga kasong may sapat na batayan. Ibinubuod sa ulat na ito ang 51 kasong isinara noong 2023. Para sa mga buod ng kaso, pumunta sa: CityAuditorLauraDoud.com/fraud-hotline-activity/cases-2023.

## Mga Aksiyong Isinagawa sa 51 Kasong Isinara

**39% ang Siniyasat:** Nagsiyasat ang aming Tanggapan, o nang katulong ang isang Kagawaran ng Lungsod, para sa mga kasong may kinalaman sa pandaraya, pag-aaksaya, o pag-abuso sa Lungsod.

**22% ang Ni-refer sa Kagawaran ng Lungsod:** Ni-refer sa Kagawaran ng Lungsod ang mga kasong nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng Lungsod na pinakamabuting maipasuri sa isang partikular na Kagawaran ng Lungsod.

**22% ang Ni-refer sa isang Panlabas na Ahensiyang may Hurisdiksiyon:** Ang mga alegasyong hindi sumasailalim sa hurisdiksiyon ng Lungsod ay ni-refer sa isang county, estado, o pederal na ahensiya upang ipasuri. Kabilang sa mga halimbawa nito ang pandaraya sa credit card, welfare, at kawalan ng trabaho.

**17% ang Hindi Kayang Aksiyunan:** Isinara ang mga kaso kung kulang sa merit o sapat na impormasyon ng kamalian ang mga ito, at hindi kami nakakuha ng karagdagang impormasyon mula sa tumawag.

## 51 Kasong Isinara ayon sa Uri ng Tip

| | | Mga Napag-alamang Kaso* |
|---|---|---|
| Mga Paglabag o Pag-abuso sa Patakaran ng Lungsod | 7 | 2 |
| Pag-aaksaya o Pag-abuso sa mga Resource ng Lungsod | 3 | 1 |
| Pandaraya sa Kontrata o Tagapaglako ng Lungsod | 3 | |
| Pamemeke sa mga Talaan ng Lungsod | 2 | |
| Maling Paggamit sa Ari-arian o Impormasyon ng Lungsod | 2 | 2 |
| Pagnanakaw sa Pera ng Lungsod o Ari-arian ng Lungsod | 1 | 1 |
| Pandaraya sa Listahan ng Suweldo ng Lungsod | 1 | 1 |
| Pagkakasalungatan ng Interes | 1 | |
| Mga Kickback o Panunuhol | 1 | |
| Hindi Saklaw ng Hotline para sa Pandaraya ng City Auditor | 30 | |
| **Kabuoan** | **51** | **7** |

* Ang mga Napag-alamang Kaso ay may mga napatunayang alegasyong may elemento ng panloloko, pag-aaksaya, o pag-abuso sa Lungsod.

## Resulta ng 51 Kasong Isinara

**ANG 7 NAPAG-ALAMANG KASONG MAY MGA NAPATUNAYANG ALEGASYON AY NAGRESULTA SA 22 REKOMENDASYON PARA SA PANGWASTONG AKSIYON KAUGNAY NG:**

- Masusing pagbabantay sa pagkontrol ng pera ng kagawaran ng Lungsod
- Sistema ng pagpapanatili ng talaan ng kagawaran ng Lungsod
- Pagsunod ng mga empleyado ng Lungsod sa patakaran hinggil sa listahan ng suweldo
- Mga kasanayan sa pagsusubaybay ng oras ng kagawaran ng Lungsod
- Pagsunod ng mga empleyado ng Lungsod sa patakaran hinggil sa mga sasakyan ng Lungsod
- Pagtatabi ng susi at pagsusubaybay sa mga sasakyan ng kagawaran ng Lungsod
- Pagbalik ng namamahalang kalahok ng kagawaran ng Lungsod sa mga benepisyong pantulong sa publiko na nabayaran nang sobra
- Pagtupad ng kagawaran ng Lungsod sa lehislasyon ng Lungsod at estado

I-SCAN GAMIT ANG CAMERA APP UPANG MAG-ULAT NG TIP

MAG-ULAT NG TIP NANG HINDI NAKIKILALA
24/7
TUMULONG SA LABAN
PANDARAYA PAG-AAKSAYA AT PAG-ABUSO

Tumawag o pumunta na sa aming website. Kapag mas marami kang ibinigay na impormasyon, mas huhusay ang pagsisiyasat. Isama sa iyong tip.

SINO **ANO** SAAN **KAILAN**

HOTLINE PARA SA
**PANDARAYA**
NG CITY AUDITOR
**1-888-FRAUD-07**
CityAuditorLauraDoud.com
MyAuditor App






## Ang Aming Misyon

Upang mapabuti pa ang Long Beach sa tulong ng independiyenteng pag-audit at pagsisiyasat ng pandaraya

## Nagsisikap kami upang:

- Masigurong naigugugol ang mga pondo ng Lungsod ayon sa nararapat
- Maisulong ang pagiging tapat at pagkakaroon ng pananagutan sa mga pagpapatakbo sa Lungsod
- Maiwasan ang pandaraya, pag-aaksaya, at pag-abuso sa mga resource ng Lungsod

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

@LBCityAuditor

CityAuditorLauraDoud.com

Auditor@longbeach.gov

562-570-6751




I-download ang
**MyAuditor App**

Available on the App Store

Get it on Google play

### Iulat ang Pandaraya, Pag-aaksaya, o Pag-abuso sa Lungsod

Kung may hinihinala kang pandaraya, pag-aaksaya, o pag-abuso laban sa Lungsod, iulat ang iyong tip sa paraang hindi ka nakikilala:

- Tumawag sa 1-888-FRAUD-07
- Pumunta sa CityAuditorLauraDoud.com/Report-Fraud
- Gamitin ang aming MyAuditor App

Sinusuri ng aming pangkat na tagapagsiyasat ang lahat ng tip, at isasagawa nila ang nararapat na aksiyon.

I-scan gamit ang camera app upang mag-ulat ng tip